WCB FACTS 2017

MGA SUBSIDIES NG PAMAHALAAN O TULONG PAMPINANSYAL PARA SA MGA MAY MALUBHANG PAGKABALDA

Ang pagdanas ng isang malubha at matagal nang pinsala ay maaaring magdulot ng pagkabalisa sa maraming aspeto ng buhay ng isang napinsalang manggagawa. Ito ay maaaring kabilangan ng pangkalusugan, pampamilya at pinansyal na mga pagbabago.

Ang fact sheet na ito ay naglalayon na ituro at ipaalam sa iyo ang tungkol sa mga benepisyo at mga karapatan na ikaw (o ang iyong pamilya) ay maaaring karapat-dapat bilang resulta ng mga programa ng pamahalaan. Ang mga programang ito ay ginawa upang tulungan ang isang malubhang napinsalang tao na may isang pagkabalda gayundin ang kanilang mga pamilya.

Mangyaring tandaan: Ang fact sheet na ito ay magsisilbi bilang isang pangunahing panimula sa mga programang ito. Hinihikayat ka ng WCB na direktang tawagan sila tungkol sa iyong mga tiyak na kalagayan. Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay nabanggit sa buong dokumentong ito.

Ang mga benepisyo at mga karapatan na magiging sanggunian ay kinabibilangan ng:

- Ang Disability Tax Credit
- Ang Registered Disability Savings Plan (RDSP), na kinabibilangan ng mga grants o pananalaping pagkakaloob ng isang organisasyon at ng mga bond o garantiya.

ANG DISABILITY TAX CREDIT

Ikaw at ang iyong asawa (sa iyong ngalan) ay maaaring mag-claim sa benepisyong ito sa pamamagitan ng Revenue Canada kapag ikaw ay nag-file ng iyong mga buwis kada taon, kung matutugunan mo ang mga pamantayan. Ang iyong pinsala ay dapat nakalikha ng "malubha at matagal" nang paghina. Ang paghina ay maaaring maugnay sa mga isyung pisikal, may kinalaman sa paningin, o sa kalugusang pangkaisipan. Ang "matagal" nang paghina ay nangangahulugan na ang paghina ay humaba sa isang tuloy-tuloy na panahon ng hindi bababa sa 12 buwan.

Ang paghina ay kailangan ring kapansin-pansin na nililimitahan ka sa pagganap sa mga pangunahing aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay. Halimbawa, maaari kang ituring na kapansin-pansing limitado kung wala ka ng kakayahan upang magbihis o pakainin ang iyong sarili o gumawa ng mga may kinalaman sa pag-iisip na kinakailangan sa pang-araw-araw na buhay.

Ang proseso ng aplikasyon ay kinasasangkutan mo at ng iyong doktor (o ibang nararapat na nagsasanay ng ukol sa medisina, tulad ng isang sikologo o doktor sa mata). Upang masimulan ang aplikasyon, kailangan mo munang punan ang nararapat na seksyon sa Revenue Canada Form T2201. Ang iyong napiling doktor/ nagsasanay ng ukol sa medisina ang kailangang magkumpleto sa bahagi ng pormularyong nararapat sa kanila.

Ang mga pormularyong ito ay maaaring makuha sa Revenue Canada o sa kanilang website sa www.cra-arc.gc.ca. Upang makuha ito, ilagay lang ang T2201 sa search box sa itaas ng website at ipapakita nito ang mga kinakailangang dokumento. Maaari ring makuha ang mga ito sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-959-8281, TTY 1-800-665-0354.

Ang Disability Tax Credit ay maaaring i-claim kahit 10 taon pabalik hangga't mayroong medikal na ebidensya upang suportahan na ikaw ay nagkaroon ng "malubha at matagal" nang paghina sa panahon ng mga taong ito at tumutugon sa "markedly restricted o kapansin-pansing limitadong" pamantayan. Mayroong parehong pederal gayundin ang panlalawigang mga disability tax credit. Ang pederal na halaga para sa 2016 ay tinatayang $8,001. Ang panlalawigan na halaga ay tinatayang $6,180. Ang mga halagang ito ay maaaring mag-iba taun-taon.

Walang epekto sa iyong benepisyo sa pagkawala ng kita sa WCB kung ikaw ay karapat-dapat para sa Disability Tax Credit.

Mahalaga na sagutan ng iyong doktor o nagsasanay ukol sa medisina ang kuwestyonaryo ng wasto. Maaaring hindi tanggapin ang mga aplikasyon dahil sa hindi kumpleto o hindi wastong impormasyon. Ang Revenue Canada ay hindi magbabayad ng anumang kabayaran na maaaring ipataw ng practitioner o nagsasanay ukol sa medisina upang makumpleto ang pormularyo. Kailangan mong bayaran ang halagang ito. Ikaw rin ay maaaring mag-claim ng anumang gastos sa bagay na ito sa iyong income tax return.

Ang WCB ay mayroong ugnayang pantrabaho sa Community Financial Counselling Services (CFCS). Maaari silang maabot sa pamamagitan ng pagtawag sa (204) 989-1900 o libreng tawag sa 1-888-573-2383. Maaari silang makatulong sa pagproseso ng aplikasyon nang walang gastos sa iyo.

Kapag ikaw ay tumawag, mangyaring ipakilala ang iyong sarili bilang isang kliyente ng WCB. Sa ilalim ng normal na pangyayari, karaniwang sila ay dapat maaaring makita ka sa loob ng isa hanggang dalawang linggo. Masusuri din nila ang iyong kumpletong pampinansyal na kalagayan at maghahandog ng mga mungkahi o gabay na may kinalaman sa mga nagpapautang at pamamahala ng salapi.

ANG REGISTERED DISABILITY SAVINGS PLAN (RDSP)

Kung ikaw ay karapat-dapat para sa Disability Tax Credit, maaari kang mag-ambag para sa isang RDSP. Kailangan mong maging isang Mamamayan ng Canada o residente upang maging karapat-dapat. Kailangan mo rin magkaroon ng isang balidong Numero ng Social Insurance, isang aktibong account sa bangko, nag-file ng mga income tax o mga buwis sa kinita sa nakaraang dalawang taon at wala pa sa edad na 60.

Ang RDSP ay pinangangasiwaan sa pamamagitan ng iyong bangko kasama ang Revenue Canada. Ang Revenue Canada ay maaaring maabot sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-959-8281 o TTY sa 1-800-665-0354. Para sa listahan ng mga lumalahok na bangko, mga credit union, o ng ibang mga pampinansyal na organisasyon, bisitahin ang www.disabilitysavings.gc.ca.

Kapag nakapagrehistro sa RDSP, mayroong ibang mga subsidies ng pamahalaan o tulong pampinansyal sa anyo ng isang **Canada Disability Savings Grant (CDSG)** at ng isang **Canada Disability Savings Bond (CDSB)** na pinangangasiwaan sa pamamagitan ng Minister of Employment and Social Development (ESDC). Ang ESDC ay maaaring maabot sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-622-6232.

Mangyaring tandaan na kung ikaw ay karapat-dapat, ang resibo ng mga nakuhang perang ito ay hindi makakaapekto sa iyong benepisyo sa nawalang kita sa WCB.

Ang iyong pagiging karapat-dapat para sa mga subsidies o tulong pampinansyal ay naaapektuhan sa pamamagitan ng pangkalahatang kita ng pamilya. Halimbawa, kaugnay sa **CDSG** entitlement o karapatan para sa CDSG, kung ang iyong kabuuang netong taunang kita ng pamilya ay mas mababa sa $90,563 sa 2016 (ang hangganan na ito ay napapailalim sa taunang pagbabago), ang Pamahalaan ng Canada ay mag-aambag ng $3 para sa bawat $1 ng unang $500 na naiambag sa iyong pondo ng pribado. Ang pamahalaan ay mag-aambag din ng $2 para sa bawat $1 ng susunod na $1000 na naiambag nang pribado.

Samaktuwid, kung ang tao o pamilya ay nag-aambag ng $1500 taun-taon sa pondong ito, ang pamahalaan ay mag-aambag ng $3500 para sa kabuuang $5000.

Ang pinakamataas na taunang mga kontribusyon ng pamahalaan ay $3500. Ang pinakamataas na kontribusyong panghabang-buhay ng pamahalaan ay $70,000.

Ang mga kita ay naiipon nang hindi nababawasan ng buwis hanggang ang pera ay kinuha sa RDSP.

Mangyaring tandaan na ang mga kontribusyon ng gobyerno ay magagawa lamang hanggang ika-31 ng Disyembre ng taon kung kailan naging 49 taong gulang ang benepisyaryo. Maaari ka pa ring maglagay ng pera sa isang RDSP matapos kang mag-edad 49, ngunit hindi na mag-aambag ang pamahalaan ng isang porsiyento ng iyong nilagay.

Mahalaga ring tandaan na ang benepisyaryo ay hindi lamang ang taong maaaring maglagay ng pera sa kanilang pondo. Bilang halimbawa, ang mga RDSP ay maaaring i-set up ng mga magulang para sa kanilang mga anak (hangga't natutugunan ng mga anak ang pagiging karapat-dapat na pamantayan). Maaaring mayroon ding mga benepisyo sa buwis (para sa mga magulang) sa pamamagitan ng paggawa nito.

Ang mga kontribusyon ng pamahalaan ay hindi magagamit sa loob ng hindi bababa sa 10 taon mula sa petsa ng huling kontribusyon (ito ay tinatawag na "ang sampung taong patakaran"). Ang ideya ng pondo ay gumawa ng pangmatagalang paglagong pampinansyal, kung kaya mayroong parusa kung ang pera ay gagamitin bago ang 10 taong bahagi. Ang normal na parusa ay ang muling pagbayad sa natanggap na halagang iniambag ng gobyerno sa mga taong nauuna ng pagkuha.

Ang perang binayaran sa RDSP ay hindi makakaapekto sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyong pederal, tulad ng Canada Child Tax Benefit o ang Benepisyo sa Buwis ng Anak sa Canada, ang Goods and Services Tax Credit, Old Age Security o mga benepisyo sa Seguro ng Trabaho. Ang RDSP ay magkakaroon ng maliit o walang epekto sa panlalawigan at teritoryal na pantulong panlipunan na mga pagbabayad.

Ang Canada Disability Savings Bond (CDSB) ay pangunahing para sa mga pamilyang mas mababa ang kita (may taunang netong kita ng pamilya na nasa pagitan ng $0 at $44,701) at maaaring magamit ng mga indibiduwal na may mga kapansanan.

Hindi tulad ng CDSG, ang benepisyaryo ay hindi kailangang mag-ambag ng anumang pera sa RDSP upang maging karapat-dapat para sa bond. Kung matutugunan mo ang pagsusuri sa kita na ito, at ang ibang pamantayan (tulad ng paninirahan), ang Gobyerno ng Canada ay maaaring maglagay ng hanggang $1000 taun-taon (para sa mga nasa ilalim ng $26,364 na hangganan) sa isang bond para sa benepisyaryo. Ang pinakamataas na panghabang-buhay na kontribusyon ng pamahalaan ay $20,000.

Kung ang netong kita ng iyong pamilya ay mas mataas sa $26,364 at mababa sa $44,701, ikaw ay maaari pa ring maging kwalipikado para sa isang porsiyento ng pinakamataas na taunang/panghabang-buhay na bond. Maaari mong naising suriin ito sa iyong bangko.

Tulad ng nabanggit kanina, ang benepisyaryo ay hindi maaaring gamitin ang pera (ng walang parusa) hanggang sampung taon pagkatapos gumawa ng huling kontribusyon ang pamahalaan. Sa sampung taong bahagi, ang pamahalaan ay gagawa ng pinakamataas na halaga ng magkano ang maaari mong kunin mula sa pondo sa taunang batayan. Sila ay mayroong pormula upang kalkulahin ito at isaalang-alang ang mga variable tulad ng pangkalahatang balanse ng pondo at ang edad ng benepisyaryo.

Para sa karagdagang detalye, mangyaring tumawag sa 1-800-622-6232.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayon na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.